





الإيمان بالكتب باللغة الفلبينية
ANG PANINIWALA SA MGA REBELASYON



Sumailalim sa pamamahala ni:
Shaykh Haitham bin Muhammad Sarhan حفظه الله

Dating Guro sa Mahad Haram sa Al-Masjid An-Nabawiy – Tagapangasiwa ng Mahad As-Sunnah

Hindi mawawala sa ating isipan ang mga katanungan katulad ng:

- Papaano natin makikilala ng lubos ang ating tagapaglikha?
- Papaano natin masasamba ng tama ang ating panginoon?
- Ano ang layunin na kinalulugdan ng diyos na dapat nating sundin?

Lahat ng mga katanungan na ito ay masasagot sa pamamagitan ng mga rebelasyon na pinadala mula sa langit, mga libro na pumapaloob dito ang salita ng Allah ﷻ , at binigay sa mga propeta bilang rebelasyon.

Ang paniniwala sa mga ibinabang rebelasyon, ay parte ng anim na haligi ng pananampalataya ng mga Muslim, si Allah ﷻ ay nagsabi: “O kayong mga mananampalataya! Kayo ay manampalataya sa Allah, at sa Kanyang Sugo, at sa libro na ibinaba sa Kanyang Propeta, at sa libro na naunang ibinaba...”.

Kaya tayo ay dapat maniwala na lahat ng libro na ibinaba ay tunay at totoo, na ang mga librong ito ay salita ng Allah ﷻ , bilang gabay at liwanag kaninuman ito ibinaba.

Ating paniniwalaan ng detalye ang mga nabanggit sa Qur'an na kasulatan; katulad ng Torah, Injeel, Zaboor, at Suhuf ni Ibrahim at Musa.

Ang huling rebelasyon na ibinaba ng Allah ﷻ ay ang Qur'an, ito ay saklaw at tunay na basehan lahat ng mga naunang rebelasyon, sinabi ng Allah ﷻ sa Qur'an: “Tunay na ibinababa namin sa iyo o Muhammad ang aklat (Qur'an), bilang patunay sa mga sinundan nitong kasulatan, at bilang mag silbing pamantayan nito...”.

Kaya't hindi maaari na sumunod, paniwalaan o isagawa ang anumang katuruan na nasa mga naunang kasulatan, maliban na ito ay binanggit at sinang-ayunan ng Qur'an, dahil ang mga naunang kasulatan ay nabago dahil sa kagagawan ng mga tao.

Ang Qur'an ay pangangalagaan ng Allah , at ito ay hindi mababago hanggang sa Araw ng Paghuhukom, ang Allah ﷻ ay nagsabi sa Qur'an: “Kami ay nagbaba ng Aklat (Qur'an) , at ito ay Aming pangangalagaan”.

Dito natin malalaman na ang mga kasulatan na ito ay tanda ng pagmamahal at awa ng Allah ﷻ sa Kanyang mga nilikha, at dapat tayong magpasalamat dahil dito.

Ang Qur'an ay dapat nating pangalagaan sa pamamagitan ng ating pagbabasa, pag-unawa at pagsagawa ng aklat na ito, dahil tunay na ang Qur'an ay liwanag na magdadala sa atin patungo sa tamang landas, ang Qur'an ay paalala at gamot sa anumang sakit ng ating puso, sinabi ng Allah “ :ﷻ Libro na Aming pinababa, ito ay lubos ng biyaya, upang ang mga talata nito ay inyong maunawaan ng lubos, bilang maging paalala sa mga taong may tamang pang-unawa”.

والله تعالى أعلم...